Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 2 Samuel 12:1-15

Agosto 21-27, 2022

SMALL GROUP SESSIONS

Kamuning Bible Christian Fellowship

Dealing with SIN & FAILURES

# 2 Samuel 12:1-15

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

**Ang Mensahe ni Natan para kay David**


1 Isinugo ni Yahweh kay David ang
propetang si Natan. Pagdating doon ay
sinabi niya, "Sa isang lunsod ay may
dalawang lalaki, mayaman ang isa at
ang isa'y dukha. 2 Maraming kawan at
bakahan ang mayaman,



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


3 samantalang ang dukha ay may isa
lamang munting babaing tupa. Inalagaan
niya ito at pinalaking kasama ng kanyang
mga anak. Kinakalong niya itong parang
anak na babae, isinasalo sa pagkain at
pinapainom.



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


4 Minsan, may manlalakbay na naging
panauhin ng mayamang lalaki. Sa halip
na sa kanyang kawan kumuha ng hayop
na papatayin, ang kaisa-isang tupa ng
dukhang iyon ang kinuha ng mayaman. At
iyon ang inihanda niya para sa kanyang
panauhin."



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


5 Napasigaw sa galit si David, "Saksi si
Yahweh, ang Diyos na buháy, dapat
mamatay ang taong iyan! 6 Kailangang
magbayad siya nang apat na beses sa
kanyang ginawa, sapagkat inapi niya ang
dukha."



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


7 Sinabi agad ni Natan kay David, "Ikaw
ang lalaking iyon! Ito ang ipinapasabi sa
iyo ni Yahweh, ang Diyos ng Israel:
'Ginawa kitang hari ng Israel, iniligtas kita
mula sa mga kamay ni Saul. 8 Ibinigay ko
na rin sa iyo ang sambahayan at mga
asawa ni Saul pati ang mga lipi ng Israel
at Juda. At mabibigyan pa kita ng higit
pa riyan.



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


9 Bakit mo hinamak ang salita ni Yahweh
at gumawa ka ng masama sa kanyang
paningin? Ipinapatay mo ang Heteong si
Urias sa mga Ammonita at kinuha mo pa
ang kanyang asawa. 10 Dahil sa ginawa
mong ito, at ako'y itinakwil mo, tandaan
mong laging may mamamatay sa patalim
sa iyong sambahayan.'



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

11 Sinabi pa rin ni Yahweh, ‘Pag-aawayin
ko ang iyong sambahayan; sa harapan
mo'y ibibigay ko sa iba ang iyong mga
asawa, at sisipingan sila kahit sa
katanghaliang-tapat. 12 Ginawa mo ito
nang lihim, hayag kitang paparusahan at
makikita ito ng buong Israel.’”




# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

13 Sinabi ni David kay Natan, “Nagkasala
ako kay Yahweh.”

Sumagot si Natan, “Pinapatawad ka na ni
Yahweh at hindi ka mamamatay. 14
Ngunit dahil nilapastangan mo si Yahweh,
ang magiging anak mo ang
mamamatay.”



# 2 Samuel 12:1-15

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

15 Pagkatapos nito'y umuwi na si Natan.

**Namatay ang Anak ni David**

Tulad ng sinabi ni Yahweh, ang anak ni David sa asawa ni Urias ay nagkasakit nang malubha.

## MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

**"Kapag ang Panginoon na makatarungan at maawain ay sinaway ako, ikukumpisal ko ang kasalanan ko, magsisisi, hihingi ng Kanyang kapatawaran, at tatanggapin ko ang kahihinatnan ng kasalanan ko."**

# QUESTION 1

Ano ang ikinagalit ng Panginoon at nagbunsod sa paghaharap/ konprontasyon sa pagitan nina Haring David at ng propetang si Nathan?

PAGTUKLAS

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 2

Paano tumugon si Haring David sa kuwento ni Nathan? Paano siya tumugon pagkatapos siyang sawayin at ano ang resulta nito?

PAGTUKLAS

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 3

Ano-anong parusa ang pinataw ng Panginoon kay David?

PAGTUKLAS

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 1

Sa palagay ninyo, bakit ginamit ng Panginoon si Nathan upang harapin si David sa pamamagitan ng isang kuwento?

PAG-UNAWA

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 2

Bukod sa pagkamatay ng anak nina David at Bathsheba, palagay nyo ba ay tinupad ng Panginoon ang iba pa Niyang pinataw na parusa?

PAG-UNAWA

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 3

Sa palagay ninyo, bakit isinagawa pa rin ng Diyos ang Kanyang mga paghatol/parusa kahit umamin/nagkumpisal na si David? Sa palagay ninyo, si David ba dapat ang namatay at hindi ang anak niyang inosente? Ano ang Kanyang layunin?

**PAG-UNAWA**

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 1

Sa pagkakataong ito, isipin ninyo ang tungkol sa sarili ninyong buhay. Ang Panginoon ba ay may hinaharap sa inyo, kahit sa pinaka-banayad na paraan, na kahit ano na inyong nagawa o patuloy na ginagawa na hindi nakalulugod sa Kanya? Alalahaning Siya ay makatarungan na namumuhi sa kasalanan, subalit Siya ay maawain din. Magsisi at hingin ang kapatawaran ng Panginoon.

## PAGTUGON

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 2

Kahit paulit-ulit nating natatatanggap o nararanasan ang kapatawaran ng Panginoon, hindi maitatatanggi na may kahihinatnan kapag tayo ay nagkasala. Paano tayo dapat tutugon kapag hinayaan ng Diyos na maranasan natin ang mga iyon?

## PAGTUGON

2 Samuel 12:1-15

# QUESTION 3

Patuloy na nagbibigay ng pagkakataon ang Diyos upang maitugma o mapagkasundo tayo sa Kanya sa kabila ng lahat ng ating mga kasalanan. Kapag tayo ay ginawan ng masama, paano natin maipagkakaloob ang parehong biyaya at awa sa iba?  Mayroon bang sitwasyon kamakailan o sa kasalukuyan kung saan maaari mong gawin ito?



## PAGTUGON

2 Samuel 12:1-15

# 2 Samuel 12:1-15

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

MAHALAGANG PRINSIPYO

# SA BUHAY

**“Kapag ang Panginoon na makatarungan at maawain ay sinaway ako, ikukumpisal ko ang kasalanan ko, magsisisi, hihingi ng Kanyang kapatawaran, at tatanggapin ko ang kahihinatnan ng kasalanan ko.”**

Small Group Sessions

# Pangwakas na Panalangin



Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 2 Samuel 12:1-15

See You Next Week!

SMALL GROUP SESSIONS

Kamuning Bible Christian Fellowship

Dealing with SIN & FAILURES

# KBCF

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584